# KABANATA 2:
# Ang Pambansang Teritoryo

Sa unang kabanata ay natutuhan mo ang pagtukoy sa kinalalagyan ng Pilipinas sa Asya at mundo batay sa mga nakapaligid dito gamit ang tiyak at relatibong lokasyon. Sa kabanatang ito, matututuhan mo na ang Pilipinas ay isang bansa na may sariling teritoryo.

Gaano kaya kalawak ang teritoryo ng Pilipinas? Hanggang saan ang sakop ng teritoryo nito?

Matututuhan mo ang mga ito sa kabanatang ito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Aling tatlong elemento ang tinataglay ng isang lugar upang matawag na isang bansa?
   A. kultura, lahi, at pamana
   B. kultura, relihiyon, at wika
   C. relihiyon, tao, at teritoryo
   D. pamahalaan, tao, at teritoryo

2. Ano-ano ang apat na elementong tinataglay ng isang lugar upang matawag na isang estado?
   A. kultura, lahi, pamana, at wika
   B. kultura, relihiyon, tao, at wika
   C. pamahalaan, soberanya, tao, at wika
   D. pamahalaan, soberanya, tao, at teritoryo



LIVEWORKSHEETS

3. Ano ang elementong tumutukoy sa mga naninirahan sa loob ng isang teritoryo na bumubuo sa populasyon ng bansa?
   A. pamahalaan
   B. soberanya
   C. tao
   D. teritoryo

4. Ano ang elementong tumutukoy sa mga lupain at katubigan, kasama ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito, tinitirahan ng mga tao, at pinangangasiwaan ng pamahalaan?
   A. pamahalaan
   B. soberanya
   C. tao
   D. teritoryo

5. Anong organisasyong politikal na itinataguyod ng pangkat ng mga tao ang naglalayong magpanatili ng maayos at matatag na lipunan?
   A. pamahalaan
   B. soberanya
   C. tao
   D. teritoryo

6. Anong konsepto ang tumutukoy sa pagkakaroon ng kalayaan mula sa pakikialam o panghihimasok ng ibang bansa?
   A. estado
   B. soberanya
   C. demokrasya
   D. nasyonalidad

7. Aling katangian ng Pilipinas ang dahilan kaya itinuturing itong isang bansa?
   A. Ang mga naninirahan dito ay may magkakatulad na wika, pamana, relihiyon, at lahi.
   B. Ito ay malaya, may sariling pamahalaan, at hindi nasasakop ng ibang bansa.
   C. Ito ay binubuo ng mga pulo at nahahati sa Luzon, Visayas, at Mindanao.
   D. Mayroon itong teritoryo na kahati ang iba pang kalapit na bansa.



LIVEWORKSHEETS

8. Ano ang binubuo ng kapuluan ng Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at karagatang nakapaloob dito, at lahat ng mga teritoryong nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksiyon ng Pilipinas?
   A. batayang teritoryo
   B. kapuluan ng Pilipinas
   C. hangganan ng bansa
   D. pambansang teritoryo

9. Batay sa Kasunduan sa Paris noong 1898, sa anong bansa ipinagkaloob ng Espanya ang Pilipinas sa halagang dalawampung milyong dolyar?
   A. Britanya
   B. Portugal
   C. Olandiya
   D. Estados Unidos

10. Aling kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya ang nagsasaad na sakop ng Pilipinas ang mga pulo ng Sulu, Sibutu, at Cagayan de Tawi-Tawi?
   A. Kasunduan sa Paris
   B. Kasunduan sa Washington
   C. Kasunduan ng Estados Unidos at Britanya
   D. Kasunduan ng Estados Unidos at Espanya

11. Ilang bagong guhit ang itinakda ng Kasunduan ng Estados Unidos at Britanya na naghahati sa hilagang Borneo at teritoryo ng Pilipinas, at nagsasaad na ang Turtle Islands at Mangsee Island ay bahagi ng teritoryo ng Pilipinas?
   A. lima
   B. sampu
   C. labing lima
   D. dalawampu



LIVEWORKSHEETS

12. Anong pulo ang naisama sa teritoryo ng Pilipinas sa pamamagitan ng Saligang Batas ng 1935?

A. Babuyan
B. Batanes
C. Palawan
D. Panay

13. Anong bilang ng atas o *decree* ang nilagdaan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr. na nagsasaad ng pag-angkin ng Pilipinas sa pangkat ng mga pulo ng Kalayaan o Spratly Islands at Scarborough Shoal?

A. 1596
B. 1597
C. 1598
D. 1599

14. Ano ang itinatakda ng Atas ng Pangulo bilang 1599, serye ng 1978 ni dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr.?

A. Export Import Zone (EIZ)
B. Export Processing Zone (EPZ)
C. Exclusive Maritime Zone (EMZ)
D. Exclusive Economic Zone (EEZ)

15. Alin sa mga sumusunod ang nagsasaad ng doktrinang pangkapuluan na napagkasunduan sa United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS)?

A. Gagamitin ng Pilipinas ang mga likas na yaman sa eksklusibong sonang ekonomiko nito.
B. Pagyayamanin at gagamitin ng Pilipinas ang mga likas na yaman sa eksklusibong sonang ekonomiko nito.
C. Papayagan ng Pilipinas ang ibang bansa na pagyamanin ang teritoryo nito gamit ang mga likas na yaman.
D. Makikisali ang Pilipinas sa ibang bansa sa pagpapaunlad ng mga likas na yaman sa eksklusibong sonang ekonomiko nito.



LIVEWORKSHEETS